THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

3 Mga Miyembro ng PIPDAC at mga kinatawan ng iba't-ibang ahensya ng pamahalaan, NGOs, at NCIP, Nagpulong

VOLUME 2 No. 04 Dec 05, 2022 - Dec. 11 , 2022

# KILOS-PROTESTA, ISINAGAWA NG MGA GRUPONG KONTRA-MINA SA HARAP NG BATASANG PANLALAWIGAN




ISANG simple at mapayapang kilos-protesta ang isinakatuparan ng mga grupong kontra-mina mula sa ibat-ibang bayan sa Oriental Mindoro, sa harap ng Batasang Panlalawigan, Disyembre 6, 2022.

Nag-ugat ang nasabing pag-aaklas matapos maipasa ng 11th Sangguniang Panlalawigan sa pangunguna ni Presiding Officer/Vice Governor EJay Falcon ang Provincial Ordinance No. 145-2022 na may titulong "AN ORDINANCE ALLOWING AND REGULATING THE EXTRACTION, REMOVAL AND DISPOSITION OF BOULDER-SIZED VOLCANIC ROCK FLOAT DIPOSITS (AMOUR ROCKS) WITHIN THE TERRITORIAL JURISDUCTION OF THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, AND FOR OTHER PURPOSES", ilang araw lamang matapos maipasa ay nilagdaan ito ni Governor Humerlito"Bonz" Dolor noong Disyembre 2, 2022.

Dahil dito, mabilis na uminit ang diskurso sa pagitan ng mga grupo, organisasyon at indibidwal na tutol sa anumang uri ng pagmimina laban sa mga pabor at nagsusulong na kunin ang armour rocks sa buong lalawigan.

'Talk of Town', kahit saan ay mainit na pinag-uusapan ang kontrobersyal na ordinansa lalo na sa social media.

Upang malayang maipahayag ang nagpupuyos na damdamin ng mga nagnanais na maipreserba ang likas-yaman ng probinsya, isang rally ang inorganisa sa pangunguna ng KOALISYON SAGIP MINDORO na nirepresenta ng convenor nito na si Mr. Carlo "Baloi" Alcoba.

Sa permit na ibinigay sa grupo ng ralyista mula sa City Government of Calapan na may petsang Disyembre 6, 2022 ay pinapayagan ang mga ito na gamitin sa loob ng dalawang oras (2:00pm-4:00pm) ang harapan ng Batasang Panlalawigan para sa programa at kahabaan ng Governor Ignacio St. at J.P Rizal St. para sa parada na magmumula sa tatlong assembly areas.

Tinatayang nasa mahigit dalawang daan ang nakiisa sa rally mula sa mga grupong tumutuligsa sa ordinansa gaya ng Koalisyon Sagip Mindoro, ALAMIN, KUSOG Pilipinas Oriental Mindoro Chapter, Batang Naujan, Guardians, religious sectors at mga riders mula sa ibat-ibang bayan sa lalawigan.

Giit ng grupo na ibasura ang Provincial Ordinance No. 145-2022 sa kadahilanang ang pagpayag umano na kunin ang armour rocks ay may negatibong epekto sa kalikasan. Hindi rin umano ito dumaan sa maayos na public consultation at lalong walang malalimang pag-aaral bago ito ipinasa at pinirmahan.

Nakita rin ang presenya ng ilang mga pulitiko sa pangunguna ng limang Bokal ng Sangguniang Panlalawigan na hindi pumabor sa ordinansa na sina Hon. Jocy Neria, Hon. RL Leachon, Hon. Bong Brucal, Hon. Pau Umali at Hon. Edel Ilano na pawang nagpahayag ng kanilang personal na saloobin sa isyu. Ilan pang personalidad ang nagsalita gaya nina Victoria Municipal Councilor Raja Barber at mga dating Bokal na sina Dr. Romy Infantado at Atty. Rap Infantado.

Mula naman sa City Government of Calapan ay kinatawan ni Mr. Orlan Maliwanag si City Mayor Malou Morillo sa nasabing aktibidad upang basahin ang 'Position Paper' nito sa isyu ng Provincial Ordinance No. 145-2022.

Malinaw ang paninindigan ng Pamahalaang Lungsod sa pagsuporta sa 50-Year Mining Moratorium na nakaangkla sa 'Luntiang Lungsod ng Calapan' (Green City of Calapan Program), na ipinaloob din ito sa 6-Year Development Plan at Executive Legislative Agenda.

May mga probisyon din umano sa ordinansa na kinakailangang bigyang linaw gaya ng sinasaad sa Section 3, Pagpayag ng pagpasok ng Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA) na nagbabalewala sa pangunahing dahilan kung bakit ipinasa ang 25-Year Mining Moratorium noong 2002.

Napaka-sensitibo ng Provincial Ordinance No. 145-2022 kung kaya mahalagang marinig ang pananaw at tinig ng bawat mamamayan, siyentista at eksperto upang maitiyak na ang ordinansa ay sa ikakabuti ng lahat.

Binigyang diin din sa sulat na, ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan-Ehekutibo at Sangguniang Panlungsod ay kaisa ng mga Mindoreño upang matiyak ang kaligtasan, kalusugan, kalikasan at kabuhayan ng Taumbayan.

Si Oriental Mindoro, 2nd District Congressman Alfonso Umali Jr. ay nagpahayag din ng kanyang sentimyento sa mga kasalukuyang namumuno ng Kapitolyo at Sagguniang Panlalawigan na nagpasa ng ordinansa na nagbunsod sa kanya upang ihain ang 'House Bill 6219'.

Bagama't hindi personal na nakadalo sa aktibidad si Oriental Mindoro, 1st District Congressman Arnan Panaligan ay binigyang daan naman ni Atty. Rap Infantado ang pinadalang mensahe nito, ang 'House Bill No. 3891' na kanyang inihain sa kongreso ay sumusuporta rin sa 50-Year Mining Moratorium sa Isla ng Mindoro.

Samantala, bago pa man magsimula ang rally ng mga tutol sa ordinansa ay nauna nang naglagay ng malalaking speakers at large led tv monitor sa harap ng Batasang Panlalawigan upang ipanuod sa publiko ang panig naman ng mga pumapabor sa Provincial Ordinance No. 145-2022, na pinapanindigan na hindi mining kundi quarrying ang tanging layunin ng ordinansang ito (Junard Acapulco/ CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM






# TINGNAN:

Isinagawa ang basketball Exhibition Game for a Cause sa pagitan ng koponan ng PA Magic sa pangunguna ni Provincial Administrator MD Hubbert Christopher A. Dolor at Adventist World Radio (AWR) 360 na binubuo ng mga katutubong mangyan noong Disyembre 7 sa Sentrong Pangkabataan, barangay Sta. Isabel, Lungsod ng Calapan.

Ayon kay Provincial Administrator MD Dolor, layunin ng naturang gawain na kilalanin at mas palakasin pa ang patuloy na pakikipagtuwang sa Pamahalaang Panlalawigan ng AWR 360, sa pagsusulong ng mga programa ng pamahalaan partikular sa mga katutubong mangyan.

Pasasalamat naman ang ipinaabot ni AWR 360 Mindoro Coordinator Pastor Niert Mariano sa Pamahalaang Panlalawigan dahil sa patuloy na pagkakaisa at partnership upang higit na makapaglingkod sa mga Mindoreno. (CIO Calapan)






**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**

# Mga Miyembro ng PIPDAC at mga kinatawan ng iba't-ibang ahensya ng pamahalaan, NGOs at NCIP, Nagkaisa!

SA KATATAPOS NA PAGPUPULONG ng mga myembro ng Provincial Indigenous Peoples Development and Advisory Council (PIPDAC) na kumakatawan sa mayorya ng mga Katutubong Mangyan sa pangunguna ng kanilang Tribe Leaders kaagapay ang mga kinatawan ng iba't-ibang konsernadong ahensya ng pamahalaan, konsernadong NGOs, at NCIP, muling nirebisa ang mga naisapinal na at nabuong kumprehensibong aksyon kaugnay ng mga planong pangkaunlaran na tugon sa kanilang hinaing na maiangat ang antas ng kanilang pamumuhay at kabuhayan.

Matatandaang nabuo ito mula sa mga nauna nang serye ng konsultasyon base sa inilahad nilang mga programa at proyekto na anila'y kailangan nila at ng kanilang komunidad. Sa huling bahagi ng naging presentasyon, nagpahayag ng pagsang-ayon ang mga lider ng katutubong Mangyan.

Nakatakda naman ang clustering ng mga ahensyang tututok sa kanila upang maging mas sistematiko upang sa lalong madaling panahon maisakatuparan na ang mga minimithi nilang programa at proyektong ipagkakaloob sa kanila ng pamahalaan.

Matatandaan ding solidong nagsama-sama ang mga kinatawan ng mga konsernadong ahensya ng pamahalaan at nagpahayag ng kanilang intensyong tulungan ang kanilang mga pamayanan sang-ayon na rin sa nais ng Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ng administrasyon ni Governor Bonz Dolor na ang sektor ng mga katutubong Mangyan ay maisabay sa kaunlaran.

Samantala, pinangasiwaan muli ng Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) sa pangunhguna ni PSWD Officer Zarah C. magboo at pinadaloy naman ni Provincial Indigenous People Mandatory Representative (IPMR) Sangguniang Panlalawigan (SP) Board Member Ahop Agate ang katatapos na pagpupulong ng PIPDAC. (PIO Calapan)






# Campaign to End Violence Aagainst Women: Poster Making Contest







INILUNSAD ng Pamahalaang Lungsod ang Poster Making Contest, sa pangunguna ni City Mayor Mariloy Flores - Morillo at ni Ms. Ellaine Diomampo (Special Consultant in Gender and Development), sa Calapan Nature Park, Bulusan, ika-9 ng Disyembre.

Bahagi ito ng 18-Day Campaign to End Violence Against Women: United for a VAW Free Calapan City 2022 na may temang Take Action, Stand and Unite Against VAW.

Sa ikalabinlimang araw ng kampanya laban sa VAW ay isinagawa ang poster making contest kung saan 14 na kabataang Calapeño naman ang aktibong nakiisa at lumahok sa nasabing paligsahan.

Tumayo naman bilang mga hurado ang Historian na si Mr. Florante Villarica, Ms. Zarah Magboo (Provincial Social Welfare and Development Officer), Atty. Jean De Mesa (GFPS TWG Chairperson, PGOrM), at ang artist na si Mr. Michael Jayzon Dela Cruz.

Malalaman naman sa ika-9 ng Disyembre ang mga nagwagi sa nasabing paligsahan (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 04 Dec. 05, 2022 - Dec. 11, 2022

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# National Human Rights Consciousness Week, Ginunita!








*PINANGUNAHAN ang naturang gawain ng mga kasapi ng 406th Community Defense Center, 4th Regional Community Defense Group ARESCOM sa pamumuno ni Provincial Administrator MD Hubbert Christopher A. Dolor bilang Battalion Commander at mga Hepe at kawani ng Kapitolyo.*

*Sa kanyang mensahe, ipinakilala ni PA MD Dolor ang kanilang grupo at ang papel na ginagampanan sa pagsusulong ng community service sa lalawigan na nakatuon sa disaster preparedness and response.*

*Samantala, binigyang diin ni PA MD Dolor ang naging malaking ambag ng 406th Ready Reserve Infantry Battalion noong panahon ng kasagsagan ng Covid 19 sa Oriental Mindoro bilang force multiplier na tumutulong sa mga frontliners.*

*Nagpahayag naman ng pagsuporta sa gawain ang mga dumalo sa pamamagitan ng pagbigkas ng Panata sa Karapatang Pantao. (CIO Calapan)*





